



### Lungsod ng Brampton magho-host ng COVID-19 Tele Town Hall sa Abril 13

BRAMPTON, ON (Abril 7, 2022) – Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente at mga negosyo na sumali sa COVID-19 Tele Town Hall sa Miyerkules, Abril 13 mula 6:30 hanggang 8 pm para manatiling may-alam tungkol sa pinakahuling mga update sa COVID-19.

Iha-highlight din ng Lungsod ang trabaho ng mga Task Force nito sa COVID-19 at kung paano nito ililipat ang mga suporta sa komunidad sa pamamagitan ng service delivery ng Lungsod at sa pamamagitan ng mga social support network ng komunidad.

Kabilang sa mga dadalo sa Tele Town Hall sina/ang:

- Patrick Brown, Mayor, at ang mga Pinuno ng City Task Force, Lungsod ng Brampton
- Rehiyon ng Peel, Public Health
- William Osler Health System
- Brampton Fire and Emergency Services
- Peel Regional Police Services
- Peel Regional Paramedic Services

Ipatala ang numero ng inyong telepono para makumpirma ang paglahok sa [Brampton.ca/covid19](https://brampton.ca/covid19).

Ang Lungsod ay nananatiling nakatuon sa kalusugan at kaligtasan habang nagpapatuloy ito sa dahan-dahan at ligtas na muling pagbubukas, at salamat sa mga residente sa paggawa ng kanilang mga parte sa buong pandemya sa pamamagitan ng paglayo mula sa iba, pagsasagawa ng mabuting kalinisan, pagpapabakuna at pagsusuot ng mga mask para makatulong sa pagtigil ng pagkalat.

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng  
Brampton

[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)